



OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

Mga Alituntunin para sa Aplikasyon ng Mga Kaganapan at Eksibisyon, ARTS sa Istasyon sa King Street

Pangkalahatang Pananaw ng Aplikasyon

Isang masiglang ispasyo ang ARTS sa Istasyon ng King Street para sa sining at kultura na nasa kalagitnaan ng Seattle. Amin kayong inaanyayahan upang magmungkahi ng mga eksibisyon at kaganapan na maitatanghal sa tuktok na palapag ng Istasyon ng King Street, isang 7,500 square-foot na ispasyong pang-kultura sa kalendaryong taon ng 2025. Maaari kayong magmungkahi ng eksibisyong sining biswal, pagtatanghal, pagbabasa, mga lektura, mga palabas na sine, pagbabasa na pang-grupo, mga debate, pag-guhit at pagguhit ng pigura, ang mga kombinasyon nitong mga pagtatanghal, at higit pa.

Para sa impormasyon at alalay sa pag-aaplika, kung karapat-dapat, o suportang teknikal sa online, tawagan si **James Coley**, ang Pinuno ng King Street Station Program, sa **(206) 684-4186** o sa James.Coley@seattle.gov. **Mayroon kaming mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng vidyo).** Tawagan lamang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong sinasalita. Asahan ang saglit na pag-aantay habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

Aplikasyon

[Mag-aplay sa online sa pamamagitan ng Submittable](#). Libre ang pag-aaplay. Kung wala kayong akses sa computer o internet, tawagan si **James Coley** sa **(206) 684-4186** o sa James.Coley@seattle.gov sa pinaka-madaling panahon.

Takdang Petsa

Mananatiling bukas ang tawag sa kabuuan ng 2024 na may nagbabagong deadline. Ang mga siklo ng pagsusuri sa 2024 ay may mga takdang petsang ito: **Hunyo 25, Setyembre 10** at **Nobyembre 9**. Ang mga aplikasyong sinumite paglampas ng alas-5 ng hapon (Pasipiko) sa bawat takdang petsa ay bibigyang konsiderasyon sa susunod na siklo.

Pagiging karapat-dapat

Maaari kayong mag-aplay bilang isang indibidwal o grupo kung:

- Ang inyong edad ay 15 anyos o masmatanda pa.
- Kinakatawan ninyo ang umuusbong at/o establisadong mga kagawad ng sining.

Maaaring mag-aplay ang mga grupo o mga organisasyon:

- Maaring silay isang non-profit, katutubo, o organisasyong pang-negosyo.

- Naghahanap sila ng suporta para sa isang proyekto o kaganapan sa larangan ng sining at kultura.
- HINDI sila nangangailangang nakatalaga sa isang misyon ng sining at kultura.
- HINDI sila nangangailangan na may katayuang 501 (c) (3) na non-profit.

Ang inyong ibig iharap na panukala ay dapat:

- Gaganapin sa mismong lugar ng ARTS sa Istasyon ng King Street, 303 S. Jackson Street. Ang karamihan sa mga napiling pag-po-programa ay magaganap sa pinaka-mataas na palapag.
- Naka-linya sa [aming pangako sa katarungang panlahi at panlipunan](#).
- Mayroong makabuluhang bahagi ng sining at kultura.
- Maging libre, sa lahat ng edad, at bukas sa publiko.
- Gaganapin habang sa aming mga oras ng pampublikong galeria: Miyerkules - Sabado 11:00 ng umaga - 5:00 ng hapon; Unang Huwebes 11:00 ng umaga - 8 ng gabi. **Hindi magagamit para sa kaganapan ang mga araw ng Linggo at Lunes.**

Ang inyong proyekto ay HINDI dapat:

- Direktang nagbebenta ng mga materyales o nagpapaskil ng mga presyo, subalit maaari kayong magbigay ng pagpapakilala at impormasyon sa pag-kontak nang ang mga namimili ay maaaring makapag-ayos ng pagbenta sa labas ng ARTS sa Istasyon ng King Street.
- Gumamit ng pagbebenta ng tiket. Lahat ng programa ay dapat iharap nang libreng walang bayad sa publiko.
- Maging isang pang-kikitahin o pang-komersyal ng kaganapang bumibiyahe.

Pagpopondo

Ang napondohang mga panukala ay makakatanggap ng di-pinansiyal (paggamit ng galeria na may tagapangasiwa at suportang komunikasyon) o pinansiyal na suporta sa mga sumusunod na nakatakdang mga halaga:

- Mga Eksibisyon/Pagtatayo: di-pinansiyal na tulong lamang, \$500, \$1,000, \$2,500, \$5,000, \$7,000
- Mga Kaganapan: di-pinansiyal na tulong lamang, \$500, \$1,000, \$2,500, \$5,000
- Maaari kayong alokan ng isang antas sa pagpopondo na iba sa inyong hiniling.

Maaari ninyong gamitin ang pagpopondo upang suportahan ang direktang gastos ng proyekto. Hindi pwedeng gamitin ang pagpopondo sa pagbili ng mga kagamitan.

Mga Workshop na Pang-impormasyon

Alamin pa ang tungkol sa gawad na ito at kung papano isumite and inyong pinaka-maayos na aplikasyon. Kung ibig ninyo ng tagapag-salin, mangyaring tawagan si **James Coley** sa **(206) 684-4186** o James.Coley@seattle.gov.

Birtwal na Workshop 1

Miyerkules, Hunyo 5, 3 - 4:30 ng hapon (Pasipika)

[RSVP sa Workshop 1](#)

Birtwal na Workshop 2

Miyerkules, Agosto 14, 5 - 6:30 ng gabi.

[RSVP sa Workshop 2](#)

Birtwal na Workshop 3

Miyerkules, Oktubre 23, 5 - 6:30 ng gabi.

[RSVP sa Workshop 3](#)